# 7 Mga Bagay na Dapat Malaman Tungkol sa Pagpapa-colonoscopy

Mahalaga ang screening para sa colorectal cancer dahil maiiwasan o matutuklasan nito nang maaga ang cancer kung kailan mas madali itong magamot. Inirerekomenda ng American Cancer Society ang pagsusuri para sa colorectal cancer para sa bawat isang nagsisimula sa edad na 45, bagaman ang ilang indibidwal na may mga partikular na salik ng panganib ay maaaring kailanganing magsimula nang mas bata. Ang colonoscopy ay isa sa mga pinakakaraniwang pagsusuri dahil hindi lamang nito natutuklasan ang mga colon at rectal cancer, nakakahanap din ito ng mga polyp na maaaring maalis bago pa ito maging cancer. Ang pag-alam kung ano ang aasahan ay maaaring mag-alis sa ilan sa mga pangamba at pagkabalisa sa colonoscopy at sa paghahandang kailangan para rito. Narito ang 7 bagay na dapat malaman bago mo ito gawin:



## 1 Ano ang colonoscopy?

Ang colonoscopy ay isang pagsusuri na nagbibigay-daan upang matingnan nang mabuti ng doktor ang loob ng buong colon at rectum upang makahanap ng mga polyp o mga palatandaan ng cancer. Ang mga polyp ay mga maliliit na umuusbong na sa pagdaan ng panahon ay maaaring maging cancer. Gumagamit ang doktor ng isang flexible, walang laman, iniilawang tubo na kasing-kapal ng isang daliri na may napakaliit na video camera sa dulo. Ang tubong ito, na tinatawag na colonoscope, ay dahan-dahang ipinapasok sa loob ng colon at nagpapadala ng mga litrato sa TV screen. Maaaring dumaan ang mga espesyal na instrumento sa colonoscope upang mag-alis ng maliliit na polyp o kumuha ng mga sampol ng tissue kung kailangan.



## 2 Ano ang bowel prep?

Ang bowel prep ay isang proseso para malinis ang colon hangga't maaari upang makita ng doktor ang loob nang malinaw at makakuha ng mahuhusay na litrato. Maaari kasama sa prep (paghahanda) ang pagkain ng espesyal na pagkain, pag-inom ng hanggang isang galon na likidong laxative, mga gamot, at paminsan-minsan, mga enema na maaaring magpadumi sa iyo nang madalas. Maaari ka ring mabilinan na itigil ang pag-inom ng mga partikular na gamot na nabibili ng walang resita o inireresetang gamot ng hanggang isang linggo bago ang pagsusuri.

## 3 Saan isinasagawa ang mga colonoscopy?

Maaaring isagawa ang colonoscopy sa tanggapan ng doktor, ospital, klinika, o surgery center. Ang mga pagsusuri ay karaniwang isinasagawa sa isang pribadong silid.

## 4 Ano ang aasahan

Ang colonoscopy mismo ay inaabot ng humigit-kumulang 30 minuto. Ang mga pasyente ay madalas na binibigyan ng gamot upang matulungan silang mag-relax at makatulog habang ito ay isinasagawa. Kung gayon, hindi ka pahihintulutang magmaneho pagkatapos, kaya kailangan kang samahan ng isang taong kilala mo at ihatid ka pauwi. Kailangan mo ring planuhin na manatili sa bahay sa araw ng pagsusuri hanggang sa mawala na ang epekto ng gamot.

## 5 Masakit ba ito?

Karamihan sa mga tao ay hindi nakakaramdam ng pananakit sa panahon ng alinman sa mga pagsusuri, ngunit maaaring makaramdam ng pangingimay o kawalan ng kaginhawaan pagkatapos. Maaaring maglabas ng hangin ang doktor papasok sa colon sa panahon ng pagsusuri upang mapanatili itong nakabukas at makita nang mas mabuti, na maaaring magdulot ng kawalan ng kaginhawaan dahil sa gas (hangin).

## 6 Paano kung may natuklasan sila?

Kung may natagpuang maliit na polyp sa panahon ng colonoscopy, posibleng alisin ito ng iyong doktor sa panahon ng pagsusuri. Kung napakalaki ng polyp para maalis, o kung mayroon kang abnormalidad na mukhang cancer kukuha ang doktor ng maliit na bahagi nito upang suriin kung ang mga ito ay mga cancer o precancer na cell (isang biopsy). Sa mga resulta ng biopsy malalaman kung kailangan mo ng mga karagdagang procedure o paggamot.

## 7 Gaano kadalas kailangan ang colonoscopy?




Kung walang natuklasan, maaari kang maghintay ng hanggang 10 taon nang walang isa pang pagsusuri. Kung may natuklasan, maaari kang mangailangan ng higit pang madalas na pagsusuri o paggamot. Ang mga indibidwal na mas matanda pa sa 75 taong gulang ay dapat makipag-usap sa kanyang health care provider tungkol sa kung dapat siyang patuloy na magpa-screen.

American Cancer Society®

cancer.org/coloncancer | 1.800.227.2345

©2024, American Cancer Society, Inc. All rights reserved.
No. TAG082311 Rev. 12/24